# *Muni-Muni...**

*Tagalog word meaning "random thoughts, musings, reflections"

Natutuwa ako at nabigyan ng pagkakataong magpahayag ng sariling muni-muni sito sa segmento o seksyong ito ng *Hukay.* Nahihiya nga ako at matagal nang sinabihan ng mga kaibigan at masigasig na editor sina Grace at Cathy, na magsumite ng isang artikulo na papasok o tutugma sa tema o pamagat ng porsyon na ito. Kung anu-ano na ngang dinahilan ko pero para bagang hinid ko talaga lubos na maisip kung ano ang maaaring maisulat bilang isang "pagmumuni". At dahil ang aklat na ito ay bulletin ng Archaeological Studies Program dito sa UP, hindi na kailangan pang sabihin na may kaugnayan sa arkeolohiya ang mga "muni-muni". Subalit meron ba, o meron kaya? Pagmumuni sa arkeolohiya ng ibig kong sabihin. Aaminin ko, mukhang mas mahirap (sa palagay ko lamang) yatang magsulat o mag-isip ng mga pagmumuni-munian kaysa sa gumawa ng isang artikulong halimbawa ay may pamagat na, "ang Kasaysayan ng Arkeolohiya sa Bayan ng Bikolandia".

Huwag naman sanang sumama ang loob sa akin ng mga kasamahan ko at kapanalig sa "mundo" ng arkeolohiya (at least dito lang sa Pilipinas); subalit kung nasubukan mo nang mag-reserts o manaliksik sa hawig ng halimbawang pamagat sa naunang talata ay sasang-ayon kayo marahil sa akin. Dahil sa kakulangan ng mismong pagsasagawa ng arkeolohiya (o fieldwork, madalas nating sabihin) sa mga probinsya natin – madalas sa ilang mahahalagang (basahin:paborito) lalawigan lamang nako-konsentreyt ang mga pagsasagawang arkeolohiya. Kaya, may kagaangang magsulat tungkol sa mga naisagawang fieldwork dahil iilan lamang ang mga report na pagbabatayan. Ang mas mahirap, kasi, matapos ang fieldowork, ay iyong pagsusuri; iba nang usapan iyon.

Halimbawa na sa mga madalas na destinasyon ng mga arkeologo ay ang mga lalawigan ng Lambak ng Cagayan, Palawan, Batangas, Cebu, at Maynila. Palagay ko, kailangang magkaroon pa ng mas maigting na inisyatibo at marubdob na pagsusumikap upang makasama sa "mapa" ng arkeolohiya ng Pilipinas ang mga lalawigang hindi gaanong nabibigyang pansin kapag arkeolohiya na nag pinag-uusapan. Kung napatunayan nang ang mga lalawigan ng Batanes at Maguindanao, mga dating hindi nakakasama sa pag-

aaral, ay nakapagbibigay pala ng mga mahahalangang impormasyon sa ating prehistorya o sinaunang kasaysayan, hindi rin masamang mangarap ng lahat (ibig kong sabihin, -lahat) ng mga lalawigan at rehiyon sa bansa ay madebelop din bilang mga destinasyong arkeolohikal ng bansa. Kapag nagkagayon, naku, lalong magiging kapanapanabik ang pagsasagawa hindi lamang ng fieldwork kundi ang pag-aaral mismo ng prehistorya ng kapuluan sa kabuuan. Isipin na lang na lahat ay may bahagi sa "pagpapalaman" sa kakulangan ng datos sa prehistorya ng Pilipinas, ibang klase yon! Iyon naman talaga ang nais natin, di ba? ang makabuo ng isang "kabuuan". Meron nga tayong alam na makailang ulit nang binabalikbalikan pero parang hindi pa rin mai-drowing sa mapa ng mga importanteng arkeolohikal sites sa Pilipinas. Kung tutuusin, sino ba ang magsasabing mahalaga ang isang site o hindi? Tayo, rin di ba? Yung mahalaga sa atin ang tinitingnan, hindi kinakailangan mahalaga lagi sa ibang tao para sabihing, "importanteng arkeolohikal site ito"!

Okey din na matuloy ang balak o pangarap ng baling araw ay magkaroon ng mga local na arkeologo ang bawat lalawigan (Mang Tony, ituloy mo lang ang maganda mong balak para sa Lungsod ng Kabite). Ibig kong sabihin, siguro naman halos lahat tayo iisa sa hangaring magkaroon ng mga local na eksperto sa arkeolohiya ang bawat lalawigan sa kapuluan. Hindi naman kayang lahat ng trabaho ng Pambansang Museo! Kahit sa nalalapit na panahon ay lumago na nang husto ang programa ng arkeolohiya sa UP, talagang hindi rin sapat ito, upang tugunan ang pangangailangan sa mga eksperto at may kasanayan sa disiplina at praktika ng arkeolohiya.

Ang pagsusulat ng isang "kasaysayan" ng arkeolohiya sa Pilipinas ay nararapat na magkaroon ng sariling katangian at kakanyahan. Dapat lang sinusuri nito ang paglalago ng disiplina sa bansa at hindi lamang sa kwento at pinagsama-samang mga report ng fieldwork. Wala tayong gaanong mapipiga kung ang kasaysayan ng disiplina natin sa Pilipinas ay kinapapalooban halimbawa ng mga sumusunod: "panahon ni A. Marche", "panahon ni H.O. Beyer", panahon ni R.B. Fox", "panahon ni Evangelista, etc.". Dapat lang na tingnan natin ang bagay na ito sa pamamagitan ng masinsinan "pagmumuni-muni".

Bumabalik na naman tayo sa ideya ng "muni-muni". Suliranin ko ito sa umpisa. Talagang mahirap gawin dahil una, hindi ka lamang "bumabalik" sa mga karanasan sa nakaraan (kasama na ang karanasan sa nakaraan ng mga naunang kasamahang arkeologo)

kundi, pinipilit kang bigyan mo ng "saysay" ang lahat ng mga karanasang napagdaanan. Tuloy, para bagang mapipilitan kang pag-isipan talaga kung may dating ba, o impact ang pagpapaka-lubog sa arkeolohiya. Tapos, malalaman mo na lang na, "ah, ganoon pala iyon. Mabuti na lang!" (malas, kung sasabihin mo sa huli ay sayang!).

Panawagan ko sa iba pa: "magmuni-muni" rin kayo; tapos isumite ninyo sa editors ng Hukay. Magmuni-muni, "random thoughts" nga raw, sabi ni Cathy. Malamang may kwento rin kayo. Malamang may "babalikan" rin kayo. Malamang may mga ideya kayo. Sige na, matuto tayo sa isa't isa.

***Carlos Tatel, Jr.***
Instructor, Department of History, University of the Philippines
M.A. student, Archaeological Studies Program, University of the Philippines

## Acknowledgments

The editors would like to thank the following persons who made this issue possible:

(1) the contributing authors: Dr. Alfred Pawlik, Dr. Hansjürgen Müller-Beck, Dr. Ian Glover, Mr. Makoto Ishibashi, Mr. Yoshiyuki Hara, Mr. Jun Cayron, and Mr. Carlos Tatel Jr.;

(2) the German Academic Exchange Program (DAAD) for sponsoring Dr. Pawlik and Dr. Müller-Beck;

(3) Ms. Joy Belmonte for inviting Dr. Glover to lecture at the Archaeological Studies Program;

(4) Dr. Cynthia Zayas for convincing Mr. Ishibashi to contribute his timely article;

(5) Dr. Wilhelm Solheim II for letting us publish the preliminary reports on the El Nido (Ille Cave) archaeological project;

(6) Dr. Victor Paz and Lisa for helping us edit some of the articles; and

(7) Dr. Pawlik (again) for allowing us the use of the Lithic Studies Laboratory facilities in the preparation of this issue.

For comments, suggestions, article contributions, and subscriptions* please contact:

The Editors
hukay1998@yahoo.com

*also available in digital (pdf) format.

**Editors**
*Catherine Tulang*
*Grace Barretto*

**Board of Consultants**
*Wilhelm Solheim II*
*Eusebio Dizon*
*Alfred Pawlik*
*Victor Paz*
*Wilfredo Ronquillo*
*Cecilio Salcedo*

Hukay is a publication of the graduate community of the Archaeological Studies Program. It is dedicated to the advancement of Archaeological Studies in the Philippines.

Archaeological Studies Program, Palma Hall
University of the Philippines, Diliman, Quezon City

Quezon City 2001
ISSN 0119-173X

Cover picture: Kathy D. Schick and Nicholas Toth. 1993. *Making Silent Stones Speak* (p. 175)
Barry Cunliffe, ed. 1994. *The Oxford Illustrated Prehistory of Europe* (p. 55)
Flag stratigraphy: Barker 1982
Cover design and pdf format layout: Catherine Tulang (with Adobe Acrobat v. 4.0)

* The Editors and the Board of Consultants are not responsible and should not be held liable for any personal views or opinions expressed here by the contributing authors. All questions and/or reactions to such should then be addressed to the individual author concerned.

Copyright 2000.
NOT TO BE REPRODUCED WITHOUT PERMISSION FROM THE PUBLISHERS.